

## Mga pananagutan sa pagbigay ng tulong

### Bilang isang taong may kapansanan:

- ◆ Sabihin sa iyong tagapag-empleyo, unyon, may-ari ng lupa, o tagapagbigay ng serbisyo kung ano ang iyong mga pangangailangan dulot ng iyong kapansanan na may kaugnay sa iyong mga tungkulin sa trabaho, sa pangupahan, o mga serbisyong ipinamamahagi
- ◆ Magbigay ng nagsusuportang impormasyon tungkol sa iyong mga pangangailangan sa trabaho dulot ng iyong kapansanan, kabilang ang medikal o ibang mga opinyon ng mga eksperto, saan kinakailangan
- ◆ Lumahok sa paghanap ng mga maaaring magamit na solusyon sa pagbigay-tulong.

### Bilang isang tagapag-empleyo, unyon, may-ari ng lupa, o tagapagbigay ng serbisyo:

- ◆ Tumatanggap ng mga kahilingan para sa tulong mula sa mga empleyado, mga nangungupahan, at mga kliyente nang nagmamagandang loob
- ◆ Humihingi lamang ng impormasyon na kailangan mo upang magbigay ng tulong. Halimbawa, kailangan mong malaman na ang pagkabulag ng isang empleyado ay humahadlang sa kanya na makabasa na inathala na bagay, pero hindi mo kailangang malaman na siya'y may diyabetis.
- ◆ Maging aktibo na papel sa paghanap ng mga solusyon sa pagbigay ng tulong na tumutugon sa mga pangangailangan ng indibidwal.
- ◆ Mabilis na tugunan ang mga hinihiling na tulong kahit na ito'y nangangahulugang gumawa ng pansamantalang solusyon habang mabuo isang pangmatagalang solusyon
- ◆ Igalang ang karangalan ng taong humihingi ng tulong, at panatiling lihim ang impormasyon.

- ◆ Isakop ang gastos para sa tulong, kabilang ang anumang kinakailangang medikal o ibang ekspertong opinyon o mga dokumento.

## Para sa karagdagang impormasyon

Sumangguni sa *Polisiya at mga Pamantayan sa Kapansanan at ang Tungkulin na Magbigay ng Tulong, Mga Karapatan Pantao sa Trabaho [Policy and Guidelines on Disability and the Duty to Accommodate, Human Rights at Work]* ng Komisyon ng Ontario sa mga Pantaong Karapatan [Ontario Human Rights Commission], at iba pang mga polisiya, mga pamantayan, mga report, at mga pagsumite ukol sa mga isyu ukol sa kapansanan sa mga bahagi ng edukasyon, mga restawran, ang *Alintuntunin ng Gusali*, transportasyon pampubliko, at mga may edad. Ang mga ito ay makukuha sa website ng OHRC sa [www.ohrc.on.ca](http://www.ohrc.on.ca).

Ang polisiya at polyetong ito ay tumutugon sa mga karapatan at mga obligasyon na nasa United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities (CRPD). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: [www.un.org/disabilities](http://www.un.org/disabilities).

Upang magreklamo – na tinatawag na aplikasyon – kontakin ang Human Rights Tribunal of Ontario sa: Libreng Telepono: 1-866-598-0322 Libreng matatawagang TTY: 1-866-607-1240 Website: [www.hrto.ca](http://www.hrto.ca)

Kung kailangan mo ng legal na tulong, kontakin ang Human Rights Legal Support Centre sa: Libreng Telepono: 1-866-625-5179 Libreng matatawagang TTY: 1-866-612-8627 Website: [www.hrlsc.on.ca](http://www.hrlsc.on.ca)

© 2012, Queen's Printer for Ontario

ISBN: 978-1-4435-7433-4 (Print)

ISBN: 978-1-4435-7434-1 (HTML)

ISBN: 978-1-4435-7435-8 (PDF)

Sundan kami!



[www.Facebook.com/the.ohrc](http://www.Facebook.com/the.ohrc)

twitter @OntHumanRights

# Kapansanan at mga karapatang pantao



Tagalog



Ontario  
Human Rights Commission  
Commission ontarienne des  
droits de la personne

## Alintuntunin ng mga Karapatang Pantao (*Human Rights Code*) ng Ontario

Ang *Alintuntunin ng mga Karapatang Pantao* sa Ontario [*Ontario Human Rights Code*] (ang *Alintuntunin*) ay nagbibigay ng pantay na karapatan at kalayaan mula sa diskriminasyon. Kinikilala ng *Alintuntunin* ang karangalan at kahalagahan ng bawat tao sa Ontario. Ito'y ginagamit sa mga dako ng pagtratrabaho, pabahay, mga pasilidad at mga serbisyo, mga kontrata, at pagiging miyembro sa mga unyon, samahan ng trabaho o propesyonal.

Sa trabaho, ang mga empleyadong may kapansanan ay karapat-dapat na makakuha ng parehong mga pagkakataon at mga benepisyo tulad ng mga taong walang kapansanan. Sa ilan mga kaso, maaaring kailangan nila ng mga tanging tulong upang magawa nila ang kanilang mga tungkulin sa trabaho.

Ang mga mamimili, mga kliyente, at mga taga-upa na may mga kapansanan ay mayroon din karapatang makakuha ng patas na pagtrato at patas na paglapit sa mga pasilidad at mga serbisyo. Ang mga halimbawa ng mga pasilidad at mga serbisyo ay mga restawran, mga tindahan, hotel, at mga sinehan, pati na rin mga gusali na apartment, transportasyon, at iba pang mga pampublikong lugar.

Dapat din siguraduhin ng mga tagapagbigay ng publiko at pribadong edukasyon na ang kanilang mga pasilidad at mga serbisyo ay malalapitan, at na ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay nabibigyan ng tulong.

### Ano ang kapansanan?

Ang sinasakop na mga kondisyon ng “kapansanan” ay malawak at iba't-iba; ang ilan ay nakikita at ang ilan ay hindi nakikita. Ang isang kapansanan ay maaaring naroon na mula ng kapanganakan, maaaring dulot ng aksidente, o binuo sa paglipas ng panahon. May mga kapansanan na pisikal, kaisipan at pag-aaral ng mga

kapansanan, mga sakit sa kaisipan, mga kapansanan sa pandinig o paningin, epilepsy, pag-aasa ng droga at alkohol, pagiging sensitibo sa kapaligiran, at iba pang mga kondisyon.

Prinoprotektahan ng *Alintuntunin* ang mga tao mula sa diskriminasyon dahil sa nakaraan, kasalukuyan, at inaakalang mga kapansanan. Halimbawa, prinoprotekahan ng *Alintuntunin* isang taong humaharap sa diskriminasyon dahil siya'y nagre-rekober na alkoholik. Ganoon din para sa isang tao na ang kondisyon ay hindi limitado sa kanyang kakayahan sa lugar ng trabaho pero naniniwala siya ay panganib na makakagawa nang mas kaunti sa tungkulin sa darating na panahon.

### Ang pagtanggap ng mga hadlang at pagdidisenyo napapabilang

Maraming iba't-ibang mga hadlang ang hinaharap bawat araw ng mga taong may kapansanan. Ang mga ito ay maaaring pisikal, pag-uugali, o sistemiko. Ang pinakamahasag upang kilalanin at tanggalin ang mga hadlang nang kusang-loob sa halip na maghintay upang matugunan ang mga indibidwal na mga kahilingan ng tirahan o mga reklamo.

Pagkilala at pagtanggap ng mga hadlang ay gumagawa ng magandang kahulugan ng negosyo. Pati na rin ito ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga customer o mga empleyado na may mga kapansanan, pagtatanggal ng mga hadlang ay tumutulong din sa ibang mga tao, tulad ng mga may edad at mga pamilya na may mga batang anak.

Mga empleyado, mga unyon, at mga may-ari ng lupa at mga tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring magsimula ang sa pamamagitan ng pagbalik-aral ng ng kanilang mga pasilidad, mga serbisyo, at mga pamamaraan upang malaman kung ano ang mga hadlang. Maaari kang gumawa ng plano sa paglapit at magsimulang tanggalin ang mga hadlang.

Makakatulong rin ang lumikha ng polisiya ukol sa paglalapit at isang pamamaraan ng mga pagreklamo. Ang mga hakbang na ito ay makakatulong sa iyo na tanggalin ang mga umiiral na hadlang at iwasan ang gumawa ng mga bagong hadlang. Ang pinakamahasag na paraan upang maiwasan ang mga hadlang ay ang magdisenyo para sa lahat. Ang ibig sabihin nito, kapag nagplaplano ng mga bagong pasilidad, pagbabago, pagbili ng mga bagong mga computer sistem o ibang kagamitan, naglulunsad ng mga website, nagtatatag ng mga polisiya at mga pamamaraan, o nag-aalok ng mga bagong serbisyo, siguraduhing ang iyong mga pipiliin ay nag-iiba sa pag-gawa ng mga bagong hadlang para sa mga taong may mga kapansanan.

Ang mga hadlang ay hindi lamang pisikal. Pagkuha ng mga hakbang upang iwasan ang “ableism” – ang mga kilos sa lipunan na nagpapawalang halaga at limitahan ang potensyal ng mga taong may mga kapansanan – ay makakatulong sa pagtataguyod ng paggalang at karangalan, at makakatulong sa mga taong may mga kapansanan na lumahok nang husto sa buhay sa komunidad.

### Ang tungkulin na tumulong

Kahit na ang mga pasilidad at mga serbisyo ay dinisenyo upang isama ang pinakamaraming maaari, maaaring kailangan mo pa rin bigyan-pansin ang mga indibidwal na pangangailangan ng ilan mga taong may mga kapansanan. Sa ilalim ng *Alintuntunin*, ang mga unyon, mga may-ari ng lupa, at mga tagapagbigay ng serbisyo ay may legal na “tungkulin na bigyan-pansin at tulongan” ang mga taong may mga kapansanan. Ang layunin ng pagbigay-pansin at tumulong ay pahintulutan ang mga tao may mga kapansanan na patas ang benepisyogaling sa at maging bahagi sa mga serbisyo, pabahay, o lugar ng trabaho.

Ang pagbigay-pansin at tulong ay isang pananagutan ng lahat. Ang lahat na may kinalaman dito, kabilang ang taong humihingi ng tulong, ay dapat magtulong-tulongan;

magbigayan ng may kaugnayan na impormasyon, at sama-samang maghanap ng mga solusyon sa pagbigay ng tulong.

Walang takdang pormula para tulongan ang mga taong may mga kapansanan. Bagama't ang ilan mga tulong ay makakapagbenepisyo sa maraming tao, kailangan mo pa rin isaalang-alang ang mga indibidwal na pangangailangan tuwing hinihiling ng isang tao mabigyan ng tulong. Ang solusyon para sa isang tao ay maaaring hindi gumana para sa iba.

Ang ilan mga halimbawa ng pagbigay-tulong ay kabilang ang:

- ◆ Dagdag sa pagsunod-sunod sa mga oras ng trabaho o pagtigil
- ◆ Pagbigay ng mga babasahin sa alternatibong anyo kabilang ang digitized text, Braille, o malalaking letra
- ◆ Paglaan ng taga-salin wika ng sign language o pagpapaliwanag sa tunay na oras para sa mga taong bingi, nabibingi, o may kahirapan sa pandinig upang makalahok sila sa mga pulong
- ◆ Ang paglagay ng mga automatik na pintuan at ang gawin ang mga banyo madaling gamitin sa lugar ng trabaho o sa bahagi pangkalahatan ng isang kondominium
- ◆ Sa ilan mga kaso, ang pagbabago ng mga tungkulin sa trabaho, muling pagsasanay, o ipagawa sa isang tao ibang trabaho.

Marami sa mga tulong na ito ay madaling gawin, at maliit ang gastos. Sa ilan mga kaso, ang kaagad na paglagay ng pinakamahasag na solusyon sa lugar ay maaaring magdulot ng “di karapat-dapat na kahirapan” dahil sa mga gastos o mga sanhi ng kaligtasan. Kahit na nangyari ito, mayroon ka pa rin tungkulin tingnan at gawin ang sumunod sa pinakamahasag, na hindi magdudulot ng di karapat-dapat na kahirapan. Ang mga ganitong hakbang ay dapat lamang gawin hanggang ang mas mithi na solusyon ay maaaring ilagay sa lugar o magawa.